

# Pahayag para sa Press

Naka-embargo hanggang 0830 Maynila (00:30 UTC) Ika-1 Hulyo 2022

## S&P Global Philippines Manufacturing PMI®

### Matindi ang pagtaas sa output habang lumalakas ang demand ng kliyente

#### Mga pangunahing nalaman

Mas mabilis ang rate ng pagtaas ng output sa kabila ng malakas na pagdami ng mga order

Nananatiling matindi ang mga pressure sa inflation

Bumagsak ang kumpiyansa sa negosyo sa pinakamababa simula noong Abril 2020

Nagsaad ang data ng PMI noong Hunyo ng patuloy na pagbuti sa mga kundisyon ng pagpapatakbo sa lahat ng kumpanya ng pagmamanupaktura sa Pilipinas. Mas mabilis ang rate ng paglawak ng output at mga kabuuang bagong order kaysa sa nakita noong Mayo, na nagpapatuloy sa mga kasalukuyang kaukulang sunod-sunod na paglawak sa limang buwan. Gayunpaman, bagama't nanatiling positibo sa pangkalahatan ang kumpiyansa sa negosyo, bumagsak ang optimismo sa pinakamababa simula noong Abril 2020.

Pagdating sa mga presyo, tumaas ang mga pasaning gastos at singil na ipinapataw ng mga kumpanya sa pangdalawampu't anim na magkakasunod na buwan. Sa kabila ng paghina, ang mga rate ng inflation sa presyo ng input at singil ng output ay isa sa pinakamabilis na naitala.


Ang S&P Global Philippines Manufacturing PMI® ay humina nang bahagya sa 53.8 noong Hunyo mula sa 54.1 noong Mayo. Sa kabila ng pagkawala ng momentum ng paglago sa pangalawang magkasunod na buwan, bumuti na ang mga kundisyon ng pagpapatakbo sa limang magkakasunod na buwan, kung saan nagpapahiwatig ang headline na PMI figure ng matinding pangkalahatang paglago sa sektor ng pagmamanupaktura.

Bukod pa rito, pangalawang pinakamabilis ang pagtaas ng mga antas ng produksyon simula noong Nobyembre 2018. Ayon sa mga pahayag, nag-udyok ang mas mataas na demand ng customer ng mas maraming output noong Hunyo.

Sa pagdudulot ng pagtaas sa produksyon, mabilis ding dumami ang mga order sa pabrika na natanggap ng mga tagagawa ng mga produkto noong Hunyo. Dahil dito, humina ulit ang mga dami ng pag-export, gaya ng nakita sa bawat buwan simula noong Marso. Ang mga isyu sa mahinang pandaigdigang demand at supply ng kliyente ay naiulat na nagdulot ng pagkaunti ng bagong trabaho sa ibang bansa.

Dahil sa pagtaas ng aktibidad sa mga kumpanya ng pagmamanupaktura, tumaas ang mga antas ng trabaho sa pangalawang magkasunod na buwan noong Hunyo. Bagama't bahagya at humina ang rate ng paggawa ng trabaho simula noong Mayo, ang pagdami ng lakas-paggawa ay nauugnay sa mas maraming kinakailangan sa produksyon at mas maraming

Philippines Manufacturing PMI  
sa, >50 = paglago simula noong nakaraang buwan



Mga Pinagmulan: S&P Global.  
Ang data ng Hunyo 2022 ay nakolekta noong 13-23 Hunyo 2022.

#### Komento

*Bilang komento sa data ng survey sa Philippines Manufacturing PMI, ipinahayag ni Maryam Baluch, na Ekonomista sa S&P Global Market Intelligence, na:*

*"Patuloy na nagtala ng matinding paglago ang sektor ng pagmamanupaktura sa Pilipinas noong Hunyo. Tumaas ang mga antas ng produksyon, na nag-udyok ng mas mabilis na pagdami ng mga bagong order.*

*"Nanatiling malakas ang lokal na demand dahil binigyang-daan ng pag-aalis ng mga paghihigpit sa pandemya ang pagtaas sa aktibidad ng customer. Sa kabaligtaran, humina ang demand ng kliyente sa ibang bansa sa pang-apat na magkakasunod na buwan, at nang mas mabilis."*

*"Dahil dito, mas nag-alangan ang mga negosyo sa mga inaasahan sa output ng mga ito para sa darating na taon habang nananatili ang mga panganib sa paglago. Bumagsak ang antas ng kumpiyansa na pinakamababa sa loob ng 26 na buwan nang bigyang-diin ng mga kumpanya ang mga alalahanin tungkol sa mga hamon sa panig ng supply, tuloy-tuloy na inflation, mga pagtaas sa presyo ng enerhiya, at mga kawalan ng katiyakan sa buong mundo na patuloy na nagpapabigat at pumipigil sa sektor ng pagmamanupaktura sa Pilipinas."*

PMI®

by S&P Global

bagong order.


Sa kabilang banda, nagpahiwatig din ang data noong Hunyo ng mas mahinang pagtaas sa pagkuha ng input ng mga kumpanya ng pagmamanupaktura. Katamtamang pagtaas lang sa dami ng mga pagbili ng input ang naitala sa panahon ng pinakabagong survey, dahil ang kaukulang pana-panahong isinasabay na index ay nagtala ng pinakamalapit sa walang pagbabagong markang 50.0 sa kasalukuyang sunod-sunod na paglawak na nagsimula noong Pebrero 2022.

Gayundin, ang pagtaas ng mga imbentaryo ng pre- at post-production ay mas mahina kumpara sa nakita noong Mayo, ngunit nanatiling katamtaman sa pangkalahatan, samantalang nagtala ang mga kumpanya ng mga dumaraming kinakailangan sa negosyo.

Sa usapin ng presyo, lalong tumaas ang mga karaniwang pasaning gastos habang patuloy na nagtala ang mga kumpanya ng mas matataas na presyo ng enerhiya at raw material. Bagama't humina ang rate ng inflation sa pangatlong magkakasunod na buwan, nanatili itong matindi sa pangkalahatan.

Sa pagtaas ng mga karaniwang pasaning gastos, patuloy na ipinapasa ng mga kumpanya ang mas matataas na presyo ng input sa mga customer ng mga ito. Kapansin-pansin din ang mga presyo ng output, kahit na mas mabagal kumpara noong Mayo.

Gayunpaman, malinaw ang mga alalahanin tungkol sa pananaw para sa output sa darating na taon. Nakaapekto sa mga inaasahan sa negosyo ang mga tumataas na presyo ng gasolina at pressure sa inflation. Naitala ng mga kumpanya ng pagmamanupaktura sa Pilipinas ang pinakamababang antas ng optimismo simula noong Abril 2020. Dahil dito, nanatiling positibo ang mga kumpanya sa pangkalahatan tungkol sa anumang paglawak ng output sa darating na 12 buwan. Nakadepende ang kumpiyansa sa mga pag-asang mapapabuti ang mga kundisyon ng ekonomiya habang patuloy na humihina ang mga epekto ng COVID-19.



Sources: S&P Global, Philippines Federal Reserve.

## Makipag-ugnayan

Maryam Baluch  
 Ekonomista  
 S&P Global Market Intelligence  
 T: +44-13-4432-7213  
[maryam.baluch@spglobal.com](mailto:maryam.baluch@spglobal.com)

Joanna Vickers  
 Corporate Communications  
 IHS Markit  
 T: +44207-260-2234  
[joanna.vickers@spglobal.com](mailto:joanna.vickers@spglobal.com)

Kung hindi mo gustong makatanggap ng mga balita mula sa S&P Global, mangyaring mag-email sa [katherine.smith@spglobal.com](mailto:katherine.smith@spglobal.com). Upang mabasa ang aming patakaran sa privacy, mag-click [dito](#).

### Pamamaraan

Ang S&P Global Philippines Manufacturing PMI® ay kinakalap ng S&P Global mula sa mga buwanang questionnaire na ipinapadala sa mga purchasing manager sa isang panel ng mahigit 400 manufacturer. Ang panel ay pinagpangkat-pangkat batay sa detalyadong sector at laki ng lakas-paggawa ng kumpanya, batay sa mga kontribusyon sa GDP.

Kinokolekta ang mga tugon sa survey at sinasalamain nito ang direksyon ng pagbabago kumpara sa nakaraang buwan. Kinakalkula ang isang diffusion index para sa bawat survey variable. Ang index ay ang kabuuan ng porsiyento ng mga tugong 'mas mataas' at kalahati ng porsiyento ng mga tugong 'hindi nabago'. Ang index ay maaaring maging 0 hanggang 100, at ang isang reading na mas mataas sa 50 ay nagsasaad ng pangkalahatang pagtaas kumpara sa nakaraang buwan, at ang mas mababa sa 50 ay pangkalahatang pagbaba. Ang mga index ay ina-adjust ayon sa season.

Ang headline figure ay ang Purchasing Managers' Index™ (PMI). Ang PMI ay isang weighted average ng sumusunod na limang index: mga bagong order (30%), output (25%), employment (20%), mga oras ng paghahatid ng mga supplier (15%) at mga stock ng pagbili (10%). Para sa pagkalkula ng PMI, ini-invert ang index ng mga oras ng paghahatid ng mga supplier nang sa gayon ay gumagalaw ito patungo sa isang katulad na direksyon kumpara sa ibang mga index.

Hindi nirerebisa ang batayang data ng survey pagkatapos ng publikasyon, ngunit maaaring paminsan-minsang irebisa ang mga pana-panahong salik ng pagsasaayos kung naaangkop, na makakaapekto naman sa serye ng data na pana-panahong isinasabay.

Para sa dagdag na impormasyon sa pamamaraan ng PMI survey, makipag-ugnayan sa [economists@ihsmarkit.com](mailto:economists@ihsmarkit.com).

### Disclaimer

Ang mga karapatan sa intelektwal na pag-aari sa data isinaad dito ay pagmamay-ari ng, o nakalisensya sa, S&P Global. Ang anumang hindi awtorisadong paggamit sa anumang lumalabas na data, kabilang ang, ngunit hindi nalilimitahan sa, pagkopya, pamamahagi, pagpapadala o iba pang paraan na tulad nito ay hindi pinapahintulutan kung wala itong paunang pahintulot mula sa S&P Global. Hindi magkakaroon ng anumang pananagutan, responsibilidad o obligasyon ang S&P Global para sa, o kaugnay ng, content o impormasyon ("data") na makikita rito, sa anumang pagkakamali, hindi wastong impormasyon, pagbabawas o pagkaantala sa data, o para sa anumang hakbang na isinagawa batay sa mga ito. Sa kahit na anong sitwasyon, hindi mananatig ang S&P Global para sa anumang mga pinsalang espesyal, incidental o bunga ng hindi pagsunod sa kontrata, na magreresulta sa paggamit ng data. Ang Purchasing Managers' Index™ at PMI® ay mga nakarehistrong trade mark ng Markit Economics Limited o nakalisensya sa Markit Economics Limited.

Ang Content na ito ay pina-publish ng S&P Global Market Intelligence at hindi ng S&P Global Ratings, na isang dibisyon ng S&P Global na hiwalay na mina-manage. Ang reproduksyon ng anumang impormasyon, data o materyales, kasama ang mga rating ("Content") sa anumang anyo ay ipinagbabawal maliban kung may paunang nakasulat na pahintulot ng nauugnay na panig. Ang naturang panig, at mga kaanib at supplier nito (mga "Content Provider") ay hindi naggarantiya sa katumpakan, pagiging sapat, pagiging kumpleto, pagiging napapanahon o pagiging available ng anumang Content at hindi responsable ang mga ito para sa anumang mga pagkakamali o pagbubukod (pabaya man o hindi), anuman ang dahilan, o para sa mga resultang nakuha mula sa paggamit ng naturang Content. Hindi mananatig ang mga Content Provider para sa anumang danyos, gastusin, bayad sa abogado, o pagkalugi (kasama ang mga gastos dahil sa nawalang kita at oportunidad) na kaugnay ng paggamit ng naturang Content.